

**Aralin**


**1**

## **Sumunod sa Plano**

Kung ikaw ay magtatayo ng bahay, ano ang unang hakbang? Bago ka makapagpapasimula ng gawain, kailangan mo ang plano. Kailangang pagpasiyahan mo ang bilang ng kuwarto na ibig mo, at kung saan ilalagay ang mga pinto at mgabintana. Kailangan mo ang isang plano na pantulong sa pagtatayo. At ikaw ay masisiyahan sa ibubunga.

Sa Matandang Tipan ay ating mababasa sa sinabi ng Dios sa Kanyang bayan na gumawa ng dako ng pagsasambahan sa Kanya. Siya ay nagbigay ng plano sa kanila. Sa katotohanan, makapitong ulit na binanggit Niya yaon para matiyak na masusunod ang Kanyang plano kagaya ng Kanyang nais. Nang sila ay sumunod sa Kanya, ang gusali ay matagumpay na nayari at ang Dios ay nasiyahan.

Kung nais nating mahikayat ang mga tao kay Cristo-Jesus, kailangan natin ang isang plano. Ibinigay sa atin ng Dios ang Kanyang plano sa Kanyang Salita. Nakita natin ang planong ito sa buhay at gawain ni Jesus at sa iyong sariling gawain ng pagbabahagi ng mabuting balita tungkol kay Cristo-Jesus. Ito ang ebanghelismo personal.



Sa araling ito ay pag-aaralan mo ang . . .

Plano ng Dios

Buhay ni Cristo

Halimbawa ng mga Unang Cristiano

Ang araling ito ay makatutulong sa iyo na . . .

- Maunawaan ang tunay na kalikasan ng plano ng Dios para sa ebanghelismo personal.
- Magamit sa iyong pamumuhay araw-araw ang halimbawa ni Cristo at ng mga unang Cristiano.

---

**PLANO NG DIOS**

---

Layunin 1. *Ipaliwanag ang plano ng Dios sa ebanghelismo personal.*

Ikaw ba ay nagtataka kung bakit pinasiyahan ng Dios na lalangin ang sansinukob: ang langit at lupa, mga bituin at karagatan, mga bundok at mga libis, at siempre pa ang tao? Maraming tao ang nagtatanong ng ganito. Gayon man, ang sagot ay madali. Ang Dios ay may layunin, may plano para sa lahat. Ang lahat ng bagay na nilikha ng Dios ay may layunin.


Sa pasimula, bago pa man likhain ang tao, ang balak ng Dios ay ibahagi ang lahat ng Kanyang pag-aari at gayon din ang Kanyang kalikasan sa tao. At ito ang tunay na plano ng ebanghelismo personal – ang pagbabahagi ng lahat nating pag-aari!

“At sinabi ng Dios. ‘Lalangin natin ang tao sa ating larawan ayon sa ating wangis.’” (Genesis 1:26). Ibinahagi ng Dios sa tao ang Kanyang pagkadios, ang Kanyang sariling kalikasan. Ito ang mabuting balita, na ibinahagi ng Dios ang Kanyang sariling kalikasan sa tao; ibinigay ng Dios sa tao ang lahat ng Kanyang nilikha. At doon sa magandang halamanan ng Eden, ang Dios ay nanaog at lumakad na kasama ng tao – si Adan, na katulad ng isang ama na nakikipag-usap sa kanyang anak. Sila’y nag-uusap. Mayroon silang sakdal na pagkakaunawaan. Sana ako’y mahusay gumuhit ng larawan! Magkagayon man, mabibigo pa rin ako na ipakita sa inyo kung gaano yaon kaganda!

Ang isang kahanga-hangang katotohanan ay ito: na ang pagbabahagi ng pag-ibig ng Dios ay hindi tumigil kay Adan lamang. Nang ang tao ay magkasala, ang Dios ay nalungkot, subalit ang Kanyang saloobin ay hindi nagbago. Siya'y muling bumaba at ibinahagi sa tao ang mabuting balita ng pagdating ng Tagapagligtas. Sa Genesis 3:15 makikita natin ang unang pahayag ng mabuting balita. Kinausap ng Dios ang ahas, si Satanas, at Kanyang sinabi, "ang binhi ng babae ang siyang dudurog ng iyong ulo." Dito ay tinatalakay ng Dios ang tungkol sa Kanyang Anak, si Cristo-Jesus. Kanyang sinabi na, "ang ahas na si Satanas ang dumurog kay Adan nang natukso si Adan na magkasala. Subalit Aking isusugo ang Aking Anak na si Jesu-Cristo upang durugin si Satanas."

Oo, ang pag-ibig ng Dios ay walang kinikilalang hangganan. Sa Juan 3:16 ay ating mababasa, "Dahil sa malaking pag-ibig ng Dios sa sangkatauhan, ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang lahat ng sumampalataya sa Kanya ay huwag nang mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." Ang tanyag na talatang ito ang puso ng sariling plano ng Dios para sa ebanghelismo personal. Ang Kanyang pag-ibig ay personal na pag-ibig, pag-ibig na nagbibigay at nakakiramay, ibinabahagi sa lahat ng tao, kasali ka na rito.

PAG-IBIG NG DIOS






---

**Gawin mo Ito**

Sa bawat bahagi ng *Gawin Mo Ito*, ang mga tanong o pagsasanay ay makatutulong sa iyo na magbalik-aral o gawin ang katatapos na aralin. Sa nauunang dalawang tanong, piliin ang sagot na bubuo sa bawa't pangungusap. Bilugan ang titik ng iyong sagot.

**1** Ipinakita ng Dios ang Kanyang plano na ebanghelismo personal sa pamamagitan ng

- a) paglakad na kasama ni Adan.
- b) paglalagay kay Adan sa magandang halamanan.
- k) pagbabahagi ng Kanyang sariling kalikasan kay Adan.

**2** Nang si Adan ay magkasala, ipinagpatuloy ng Dios ang pagbabahagi ng Kanyang sarili sa tao sa pamamagitan ng

- a) pagbibigay sa atin ng Kanyang Anak na si Jesus.
- b) pagpaparusa sa ahas.
- k) pagiging malungkot.

**3** Bakit nais ng Dios na ibahagi ang Kanyang sarili at ang Kanyang Anak sa lahat ng lalaki at babae?

---

Makikita mo ang mga sagot sa mga pagsasanay na ito sa huling pahina ng aralin. Ngayon, tingnan mo kung tama ang iyong sagot sa mga pagsasanay.

---

## BUHAY NI CRISTO

---

Layunin 2. *Ilista ang mga paraan kung paano ipinapakita ni Jesus sa atin ang plano ng Dios sa ebanghelismo personal.*

Ang tao ay nagkasala. Ang sakit, kalungkutan, digmaan, at ang kamatayan ay dumating bunga nito. Bagaman ang Dios ay hindi na lumalakad na kasama ng tao kagaya ng Kanyang ginawa noon, Siya ay may plano pa rin upang ipagpatuloy ang Kanyang pagbabahagi ng gawain sa tao. Ang planong yaon ay ang isugo sa atin si Jesus.

Tungkol naman sa Kanyang gawain at misyon, sinabi Jesus:

“Sumasa-Akin ang Espiritu ng Panginoon, sapagka’t hinirang Niya Ako upang mangaral ng mabuting balita sa mga dukha. Sinugo Niya Ako upang ipahayag ang kalayaan sa mga bihag, at ang pagbibigay ng paningin sa mga bulag, at upang palayain ang mga inaapi, at ipahayag ang kaayaayang taon ng Panginoon” (Lucas 4: 18-19).

Kamakailan lamang doon sa aming bansa sa Upper Volta sa West Africa, ako’y sumama sa pananambahan sa isang iglesia na may 600 mga Cristiano. Inawit nila ang ganitong mga salita:

Kung di’ dahil sa iyong pagpapagaling  
at kapangyarihang magligtas, o Panginoon,  
Burol ang aking titirhang dako,  
at impierno ang aking kapalaran!



Itinuro ni Jesus sa atin ang plano ng ebanghelismo personal sa pamamagitan ng Kanyang sariling halimbawa. Wala Siyang ginawang pagtatangi sa mga tao. Tinanggap Niya ang mga taong may matataas na pinag-aralan kagaya ni Nicodemo at ilang pantas na Griego. Siya ay nanirahan at kumain na kasalo ng mga makasalanan. Ang mga ketonging lumapit sa Kanya ay pinagaling Niya. Maging ang mga taong binihag ng demonyo, nang lumapit sa Kanya, sila'y pinalaya Niya. Nang kailangang Siya'y magpahinga, minabuti Niyang makasama ang mga bata. Ang mga sundalo at mga babaing balo ay nakasumpung ng tulong sa Kanya. Sino pa kaya ang magpaparatang sa Kanya na Siya'y walang malasakit sa mga taong nangangailangan ng Kanyang tulong?

Si Jesus ay may isang hangarin: tuparin ang gawain at kalooban ng Nagsugo sa Kanya. Ang sabi ni Apostol Pedro tungkol sa buhay at gawain ni Jesus: "Naglibot Siya at gumawa ng maraming kabutihan. Pinagaling Niya ang lahat ng inaalipin ng Diablo, sapagkat sumasa-Kanya ang Dios" (Mga Gawa 10:38). Ang Dios ay gumawa sa pamamagitan ni Cristo, nagpatawad ng kasalanan, nagdala ng mga tao sa Kanyang sarili.

Si Cristo ay nakahandang magpakasakit para lamang matupad ang plano ng Kanyang Ama. Una sa lahat, ini-

wan Niya ang Kanyang tahanan sa langit, ang Kanyang trono, ang Kanyang kaluwalhatian, upang bumaba sa atin. Siya ay isinilang sa isang pasabsaban sapagkat tinanggihan Siya niyaong pinarituhan Niya upang Kanya sanang tulongan. Subalit ang pinakadakilang pagpapaka-sakit Niya ay nang kusang-loob na ibigay niya ang Kanyang buhay sa krus. At doon sa krus, malakas na sumigaw si Jesus: "Naganap na!" (Juan 19:30). Ito ay isang sigaw ng kasiyahan. Ang Kanyang gawain ay naganap na. Ang plano sa ebanghelismo personal – ang pagbabahagi ng mabuting balita ay ginawang maliwanag magpakailanman.

Oo, tinikman ni Jesus ang kamatayan upang ikaw at ako ay mabuhay. Kanyang binayaran ang ating utang sa Dios. Si Cristo na Panginoon ng mga Panginoon at Hari ang mga Hari ay lumakad sa mundong ito bilang isang alipin. Ito'y ginawa Niya sapagkat iniibig Niya tayo. Mayroon pa kayang higit na mabuting balita kaysa rito? Tiyak nga, wala nang iba pa!



### Gawin Mo Ito

- 4** Narito ang ilang pangungusap tungkol kay Jesus. Lagyan ng bilog ang titik ng mga tamang pangungusap.
- Siya'y isinugo ng Dios.
  - Siya'y nagmamalasakit sa mga tao.
  - Hindi Niya tinulungan ang mga taong lumapit sa Kanya.



- d. Ang Kanyang kapangyarihan ay may hangganan.
- e. Ang Kanyang hangarin ay sundin ang kalooban ng Dios.
- g. Nakahanda Siyang magpakasakit.

**5** Bakit buong pusong ibinigay ni Jesus ang Kanyang sarili sa atin?

---

Tingnan kung tama ang iyong mga sagot.

“NAGANAP NA”




---

#### HALIMBAWA NG MGA UNANG CRISTIANO

---

Layunin 4. *Ipaliwanag kung bakit ang mga unang Cristiano ay maaaring maging halimbawa sa pagbabahagi ng mabuting balita tungkol kay Cristo.*

Si Cristo ay dumating kagaya ng ating nakita upang sabihin sa atin ang tungkol sa Dios at sa Kanyang pag-ibig. Siya'y ipinako sa krus ng mga taong makasalanan. Subalit hindi Siya nanatili sa libingan. Siya'y nabuhay na mag-uli, bumangon mula sa libingan, at ngayon Siya'y nakaupo sa kanan ng Kanyang Ama sa langit. Subalit ako'y nagpapasalamat sa Dios na ang Kanyang plano sa pagbabahagi ng mabuting balita sa mga tao ay hindi tu-

migil kay Cristo. Ito ay ibinigay ni Cristo sa Kanyang mga apostol at mga alagad. Iniutos Niya sa kanila, "Humayo kayo sa buong mundo at ipangaral ninyo ang ebanghelyo sa lahat ng nilikha" (Marcos 16:15). Ang utos na ito ay hindi lamang para sa isang pangkat ng piniiling mga tao kagaya ng mga apostol, mga ebanghelista, mga diakono, mga pastor, at mga guro. Ang utos na ito ay para sa ating lahat.

Paano isinugo ni Jesus ang Kanyang mga alagad? Doon sa Kanyang panalangin sa Kanyang Ama, ang sabi ni Jesus, "Isinugo Ko sila sa mundo gaya ng pagkasugo Mo sa Akin sa mundo" (Juan 17:18). At paano isinugo ng Dios si Jeuss? Siya'y Kanyang isinugo na may misyon. Siya'y isinugo Niya na may kapangyarihan at kapamahalaan. Siya'y isinugo Niya sa lahat ng tao. Siya'y isinugo Niya hindi upang magdala ng kahatulan kundi para palayain ang mga tao. Ang misyong ito ni Cristo ay ibinigay din sa atin. Ito ay para na ring sinabi Niya, "Ama, gaya ng pagkasugo Mo sa Akin, sila man ay Aking isinusugo. Ingatan Mo sila gaya ng pag-iingat Mo sa Akin. Sumama Ka sa kanila gaya ng pagsama Mo sa Akin." Hindi ba kahanga-hangang bagay na malamang tayo ay mga tagapag-balita ng Dios!

Ngayon ay pagmasdan natin si Pedro habang ipinangaral niya ang Jesus ding ito noong Araw ng Pentecostes. Ang kasaysayan ay itinala sa Mga Gawa 2:14-39. Sikapin nating makita siya na nakatayo sa harap ng mga tao, ibinabahagi si Cristo sa iba. Pakinggan siya sa kanyang pagsasalita sa mga hukom. Maririnig mo siya na nagsasabing, "Paano ko mapipigil ang pagbabahagi ng aking nakita at narinig? "

Ngayon ay sundan natin siya sa bahay ng isang lalaking naghahanap sa Dios. Muli mo siyang makikita na ibinabahagi sa mga tao ang kanyang patotoo tungkol kay Cristo (Tingnan ang Mga Gawa 10:34-43).

Ang aklat ng Mga Gawa ay nagbibigay sa atin ng maraming detalye tungkol kay Apostol Pablo at sa kanyang mga paglalakbay. Sundan mo si Pablo sa kanyang paglalakbay at siya'y iyong pakínggan. Wala na siyang ibáng bukam-bibig kundi si Cristo, at ang pagkapa-ko Niya sa krus. Na maakay ang mga tao kay Cristo, at ibahagi ang kanyang personal na karanasang Cristiano sa iba, ito ang nag-uumpoy na damdamin ni apostol Pablo.

Si Pablo ay nakahandang magdusa maibahagi lamang ang ebanghelyo ni Cristo. Siya'y ibinilango, ginulpe, iginapos, nagutom, nalungkot, nilimot ng kapuwa-manggagawa. Subalit isa man nito ay hindi nakapigil sa kanya sa pagbabahagi ng mabuting balita sa iba. Kung hindi siya nagsasalita, kanyang isinusulat ang kanyang mensahe, o kaya nama'y iba ang pinasusulat niya nito. Ito ang kanyang ginawa hanggang sa araw na masabi niya: "Malapit nang ialay ang aking buhay. Nakipaglaban akong mabuti, natapos ko ang aking takbuhin" (2 Timoteo 4:6, 7).

Sa Africa noong unang panahon, kung ang isang mangangaso ay nakapatay ng isang elepante, siya ay mabilis na bumabalik sa bayan at inilalathala ang mabuting balita sa lahat. Nang ang mga Amerikano sa unang pagkakataon ay lumapag sa buwan, ang mabuting balitang ito ay ikinalat sa pamamagitan ng radyo, telebisyon, at mga pahayagan at lahat ng uri ng balitaan sa lahat ng tao sa lahat ng dako. Likas sa tao ang magnais na ibahagi ang mabuting balita sa iba. Hindi ba nararapat na gawin

natin ito? Sapagkat tayo ay mayroong dakilang balita para sa lahat!



Nang ipakilala ni Jesus ang Kanyang sarili sa babaing Samaritana, ang babae, kagaya ng mangangasong Africano, ay mabilis na bumalik sa kanyang bayan at ibinalita ang lahat ng bagay na ginawa ni Cristo sa kanyang buhay. (Tingnan ang Juan 4:5-29.)



Gawin Mo Ito

**6** Ano ang bagay na karaniwan kina apostol Pedro, apostol Pablo at ng babaing Samaritana?

- a) Sila'y mga taong may pinag-aralan.
- b) Nais nilang ibahagi si Cristo sa iba.
- k) Nais nilang galangin sila ng tao.

**7** Bakit may gayong pagnanais ang mga unang Cristiano na ibahagi ang mabuting balita ni Cristo sa ibang tao?

**8** Narito ang listahan upang ipakita kung bakit at paano isinugo ng Dios si Jesus sa lupa. Sa pamagat na Ang Mga Alagad ay Isinugo lagyan ng X ang puwang kung sila'y isinugo ni Jesus sa gayon ding kaparaanan. Pagkatapos, lagyan din ng X ang puwang na nagpapakita kung bakit at paano Tayo Ay Isinugo.

Si Jesus ay Isinugo	Ang Mga Alagad ay Isinugo	Tayo ay Isinugo
■ Na may misyon	_____	_____
■ Na may kapang-yarihan	_____	_____
■ Na magpakasakit	_____	_____
■ Sa lahat ng tao	_____	_____
■ Upang palayain ang lahat ng tao	_____	_____
■ Upang ibahagi ang mabuting balita	_____	_____
■ Upang maging halimbawa ng pag-ibig ng Dios	_____	_____

Sa pamamagitan ng kanilang mga patotoo at pagsaksi, nagawang ibahagi ng mga unang Cristiano ang mabuting balita ni Jesus sa Jerusalem, Judea, Samaria, at sa buong emperyo ng Roma. Ang mga mananampalataya ay pumaroon sa iba't ibang dako. Sila'y nangaral at nagbahagi ng kanilang karanasang Cristiano sa lahat ng tao. Ang nagbansag sa kanila ng pangalang "Cristiano" ay walang iba kundi ang mga taong hindi mananampalataya na nakakita sa kanila na namuhay, nagsalita at kumilos na

gaya ni Cristo. Ang pangalang “Cristiano” ay nangangahulugan ng “katulad ni Cristo” o “tagasunod ni Cristo.”

Gayon na lamang ang pag-ibig ng mga unang Cristiano kay Jesus, at sila’y labis-labis na nagpapasalamat sa Kanyang ginawa sa kanila kung kaya’t hindi sila mapigilan sa pamamahayag ng mabuting balita. Nais nating ibahagi sa iba ang ginawa ni Cristo sa atin sa gayon ding dahilan: sapagkat iniibig natin Siya at nais nating ibahagi ang Kanyang pag-ibig sa iba.

Kunin mo ngayon ang iyong Talaan ng Mag-aaral at sagutin ang bahagi ng Aralin 1. Kung kinakailangan, mag-balik-aral sa mga aralin para sa mga sagot.



### Tingnan Kung Tama Ang Iyong Mga Sagot

1. k) pagbabahagi ng Kanyang Sariling kalikasan kay Adan.
2. a) pagbibigay sa atin ng Kanyang Anak na si Jesus.
3. Sapagkat gayon na lamang ang Kanyang pag-ibig sa atin.
4. a Tama  
b Tama  
k Mali  
d Mali  
e Tama  
g Tama
5. Sapagkat iniibig Niya tayo.
6. b) Nais nilang ibahagi si Cristo sa iba.
7. Dahil sa kanilang pag-ibig kay Cristo at sa iba.
8. Dapat ay nilagyan mo ng X ang bawat puwang.